# Responsableng Paggamit ng Teknolohiya

## Bahagi 1. Matalinong paggugol ng oras sa teknolohiya

Sa Doktrina at mga Tipan, ginagamit ng Panginoon ang mga katagang "sabik sa paggawa" at "[nagsasayang]."

- Ano sa iyong palagay ang ibig sabihin ng mga katagang ito?

Basahin ang mga sumusunod na banal na kasulatan at pagnilayan ang itinuturo ng Panginoon tungkol sa pagiging sabik sa paggawa at nagsasayang: Doktrina at mga Tipan 58:27–28; 60:13; 68:31; 75:3.

- Paano mo ibubuod ang itinuturo ng Panginoon?

(Sa mga katotohanang nakasaad, maaaring may matukoy kang gaya ng sumusunod: Nais ng Panginoon na maging sabik tayo sa paggawa ng mabuting bagay at hindi natin sayangin ang ating panahon.)

- Paano natin malalaman kung sinasayang natin ang ating oras sa teknolohiya?

Pag-aralan ang sumusunod na pahayag, at alamin ang mga kabatiran tungkol sa matalinong paggamit ng teknolohiya.

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Ang batang-isip o di-naturuang [indibiduwal] ay maaaring mag-ukol ng maraming oras sa video games, pakikipag-chat online, o sa iba pang mga paraan na nagtutulot na mangibabaw ang digital sa katunayan ng mga bagay-bagay. Noong una tila hindi naman masamang magsayang ng oras, dahil ilang minuto lang ito ng pagpapahinga mula sa kaabalahan sa mga gawain araw-araw. Ngunit nakakaligtaan ang mahahalagang pagkakataon na matuto at humusay sa pakikisama. . . . Unti-unti, ang tila inosenteng libangan ay nagiging isang uri ng nakasisirang pagkaalipin. (David A. Bednar, "Ang Katunayan ng mga Bagay-bagay," *Ensign*, Hunyo 2010, 21)

- Ano ang mga dahilan ng mga tao upang bigyang-katwiran ang pagsasayang ng oras sa teknolohiya?
- Ano ang nakatutulong sa iyo na maiwasang sayangin ang oras mo sa teknolohiya?
- Paano mo maaaring isama ang Panginoon sa iyong mga pagsisikap na gamitin nang matalino ang teknolohiya?

## Bahagi 2. Pagpili ng mabuting media

- Anong mga pagpili sa paggamit ng media ang regular mong ginagawa?
- Ano ang itinuro sa iyo ng iyong mga karanasan na makatutulong sa iyo na manatiling mas malapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa paggawa mo ng mga pagpili tungkol sa media?

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 50:23–24; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13; at Moroni 7:12–17, at alamin ang mga katotohanang makatutulong sa atin na makita kung ano ang mabuti at masama.

- Anong mga katotohanan ang mahahanap mo sa mga talatang ito?

(Sa mga katotohanang nakasaad, maaaring may matukoy ka na katulad ng sumusunod: Yaong nagpapatibay at naghihikayat na gumawa ng mabuti ay mula sa Diyos.)

- Paano ka makikinabang sa pagsasabuhay ng katotohanang ito sa pagpili mo ng media na gagamitin?

Inanyayahan tayo ni Elder David A. Bednar na tanungin sa ating mga sarili ang sumusunod na tanong tungkol sa media na ating ginagamit:



Ang paggamit ba ng iba't ibang teknolohiya at media ay nag-aanyaya o pumipigil sa palagiang pagsama ng Espiritu Santo sa inyong buhay? (David A. Bednar, "Ang Katunayan ng mga Bagay-bagay," *Ensign*, Hunyo 2010, 23)

- Paano mo maaanyayahan ang Espiritu Santo sa paggawa mo ng mga pagpili sa paggamit ng media?
- Ano ang nakakatulong sa iyo na iwasan ang uri ng media na makapaglalayo sa iyo mula sa Tagapagligtas?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_554-1